BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

www.bccdc.ca

# ISONIAZID
# ISONIAZID

Ang isoniazid ay isang antibiotic na ginagamit upang iwasan o gamutin ang tuberculosis (TB).

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**

- Inumin ito kapag walang laman ang tiyan, 1 oras bago kumain o 2 oras pagkatapos kumain.
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang Isoniazid.
- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)**

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

**Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)**

- Alak o cerveza
- Antacids na naglalaman ng aluminum o magnesium. Maglaan ng kahit man lamang **1 oras pagkatapos** inumin ang Isoniazid.

Sabihin sa iyong doktor, nars, at parmasyotiko kung **umiinom** ka **ng anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

**Ano ang ilan sa posibleng side effects o mga masasamang epekto? (What are some possible side effects?)**

- Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng **paghapdi**, **pangingilig**, **o pamamanhid** sa iyong mga kamay o paa.

# **ISONIAZID** (ipinagpapatuloy)
## **ISONIAZID** (cont'd)

**Mag-ingat (Caution): Tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:**

- di-karaniwang pagkapagod o pagkahina
- lagnat
- kawalan ng ganang kumain
- alibadbad (parang masusuka)
- sira ang tiyan o diarrhea
- madilim na kulay ng ihi
- paninilaw ng balat o mga mata
- singaw sa balat

**Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi nabanggit sa papel na impormasyon na ito.**

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng Isoniazid?**
**(What else do I need to know about taking Isoniazid?)**

- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab test** na iniutos ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng iyong mga appointment sa iyong doktor o nars.
- Sabihin sa iyong doktor o nars kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito?**
**(Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Mga tabletas o liquid preparations: Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan?**
**(Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: ______________________________

| | |
|---|---|
| Vancouver TB Services Clinic: | 604-707-2692 |
| New Westminster TB Services Clinic: | 604-707-2698 |
| BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: | 604-707-2580 |



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions. Better health.
ACCREDITED • AGRÉÉ • CCHSA • CCASS
*A research and teaching centre affiliated with UBC*